RESPONSABLENG SERBISYO PUBLIKO

ni Mayor Raul Santiago Palino

Isang maalab na pagbati po sa inyong lahat. Sa kalagitnaan po ng aking unang termino ay ibinabalita ko sa inyo na tayo ay nasa tamang landas kaugnay ng aking mga ipinangako nuong nagdaang eleksyon. Karangalan ko po na ibahagi sa inyo ang ilan sa mga programa at kaganapan sa ating pamahalaang bayan.

Sa usapang transportasyon, naisaayos na po natin ang maraming bahagi ng Pantay-Buhangin Road gayundin ang pagpapatuloy sa CS-San Gabriel Road. Nalagyan na rin po ng riprap o dike ang pampang ng Teresa River na bumabagtas sa mga barangay ng May-iba, Dalig, San Gabriel, San Roque at Bagumbayan. Nagpalagay po tayo ng karagdagang "street lights" sa kahabaan ng ating mga lansangan upang mas maliwanag at maiwasan ang kriminalidad at mga aksidente.

Sa sektor naman ng edukasyon, nangunguna sa pagiging bago ang bakuran ng Teresa Elementary School (TES) na naging daan upang maging maaliwalas ang harapan ng paaralan, higit na ligtas para sa mga mag-aaral sa kanilang pagpasok at pag-uwi, at mas maayos na daanan para sa lahat. Naipatayo na rin po natin ang karagdagang gusali at silid-aralan sa Sitio Ibabaw. Sinimulan na rin nating paghandaan ang Senior High School (SHS) program na itinataguyod ng DepEd. Samantala, nadagdagan ang bilang ng ating mga scholars pati na allowance ng ating mga kababayang may kapansanan (PWD) na patuloy na nag-aaral at nagsusumikap.

Sa larangan ng kalusugan, naipagawa na po natin ang ikalawang palapag ng Municipal Health Center. Magiging daan ito upang mas maging epektibo ang laang serbisyo para sa pangangalaga sa kalusugan ng ating mga kababayan. Patuloy nating pinalalakas ang sektor ng agrikultura mula sa pagbili ng mga kagamitan sa pagsasaka, binhi at libreng pagsasanay para sa mas malawak na alternatibong pagtatanim.

Naging mas maaliwalas na rin ang ating Pamilihang Bayan mula nang maipaayos at baguhin ang bubungan, alulod at linya ng kuryente. Maging ang mga nakahalang at nakakasagabal sa mga mamimili at dumaraan ay ating naipaayos. Samantala, maging ang kalapit nito na lugar ay naging maluwag na rin. Sa loob halos ng 37 taon, ngayon lang naresolba mula sa pagkakaroon ng amicable settlement ang dating pinagtatayuan ng gasolinahan at tindahan. Pansamantalang ginagawang daanan ng mga mamimili, pilahan ng tricycle at paradahan ng mga sasakyan upang mas maluwag at maiwasan ang labis na trapiko.

Buong pagmamalaki po naming iniuulat sa inyo na ang bayan ng Teresa ang No. 1 sa buong lalawigan ng Rizal sa *tax collection efficiency* kung saan umabot ng 79% ang koleksyon sa *real property tax* (RPT), gayundin ang mataas na koleksyon ng ating business permit. Nagkaroon tayo ng karagdagang 2.9 milyong piso mula sa buwis sa pambansang yaman. Kung kaya sumasaludo ako sa pamumuno nina Gng. Emilia M. Abella, G. Dominador Pendre, at G. Jeiben R. Santiago, gayundin sa mga kawani na bumubuo ng Treasurer's Office, Assessor's Office, at Business Permit and Licensing Section.

Samantala, buong-buo ang suporta ng ating tanggapan sa Ynares Eco System o ang ***YES to Green Program*** na itinataguyod ng ating mahal na Gobernador Rebecca "Nini" A. Ynares at ng Sangguniang Panlalawigan. Nakabili rin ang ating pamahalaang bayan ng *mini-dump truck* na magagamit para sa mga paglilinis at mas maagang pagresponde at paghahanda sa kalamidad. Ang tanggapan ng Municipal Disaster and Risk Reduction Management Office ay ating inatasan para sa paglulunsad ng mga pagsasanay at malawakang kampanya ukol sa paghahanda sa kalamidad.

Katangi-tangi din ang matibay na ugnayan ng Pamahalaang Bayan ng Teresa at ng LaFarge Republic Inc. na ipinamamalas sa kanilang pagsuporta sa mga gawaing pambayan, paglikha ng mas maraming trabaho para sa ating mga kababayan at malaking buwis na ipinapasok sa kaban ng bayan.

Patuloy ang ating pagsuporta sa mga programa ng tanggapan ng PNP upang mapanatiling tahimik at ligtas ang pamayanan. Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ng *technical working group* (TWG) ang planong ilipat ang tanggapan ng BJMP malapit sa Integrated Solid Waste Management Facility (ISWMF).

Nais ko rin pong magpasalamat sa mga kawani ng ating pamahalaang bayan sa kanilang katapatan at sa pagsusumikap na maiangat ang antas ng paglilingkod. Ipinagmamalaki ko kayong lahat sa inyong pagsuporta at pakikiisa sa ating pagtitipid sa kuryente, gasolina at iba pang mga makabuluhang programa. Ipagpatuloy po natin ang pagiging bukas sa mga pagbabago, kalakip ang pang-unawa at malasakit sa isa't isa.

At sa minamahal kong mga kababayan, **Responsableng Serbisyo Publiko** ang alay ko sa inyo, tungo sa patuloy na pag-unlad ng Bayan ng Teresa. Sa ngalan po ng ating Pamahalaang Bayan at ng aking pamilya, lubos ang aking pasasalamat sa inyong walang sawang pagsuporta at pagtitiwala.

Mabuhay po tayong lahat!